WCB FACTS 2017

MGA PANEL PARA SA PAGREPASONG MEDIKAL

Ang Mga Panel para sa Pagrepasong Medikal ay nagpapahintulot sa WCB o Komisyon sa Apela na magtanong sa isang independiyenteng panel ng mga dalubhasang medikal at makakuha ng opinyon sa claim ng isang napinsalang manggagawa.

Sino ang maaaring humiling ng Panel para sa Pagrepasong Medikal?

Mga Manggagawa

Ang manggagawa ay maaaring humiling, sa pamamagitan ng kasulatan, na ang Panel para sa Pagrepasong Medikal ang humawak ng kaniyang kaso. Ang liham ay dapat na para sa WCB at kailangang kasama ang **pangalan ng manggagawa at numero ng claim**.

Magkakaroon ng isang Panel para sa Pagrepasong Medikal kapag ang nakasulat na medikal na "opinyon" ng gumagamot na doktor ng napinsalang manggagawa ay iba sa opinyon ng medikal na tagapayo ng WCB ukol sa medikal na bagay at ang kaibahan ng opinyon ay nakaka-apekto sa pagiging karapat-dapat ng manggagawa para sa kabayaran sa pinsala.

Mahalagang ang "opinyon" ay ipahayag ng gumagamot na doktor ng napinsalang manggagawa batay sa lahat ng mga kaugnay na medikal na impormasyon na maaaring makuha. *Ang Workers Compensation Act* ay nagsasalarawan sa "opinyon" bilang isang buong pahayag ng mga katotohanan at dahilan na sumusuporta sa medikal na konklusyon.

Mga employer

Ang isang employer ay maaaring humiling na ipasa ng WCB ang isang medikal na bagay sa isang Panel para sa Pagrepasong Medikal para sa opinyon nito. Ang medikal na bagay ay dapat na totoo at mahalaga at nakakaapekto sa pagiging karapat-dapat sa kabayaran. Dapat isagawa ang kahilingan sa pamamagitan ng kasulatan at kailangang magbigay ng pahayag ng mga katotohanan at dahilan para sa kahilingan. Ang liham ay dapat na para sa WCB at kailangang **kasama ang pangalan ng manggagawa at numero ng claim**.

Maaari rin magkaroon ng Panel para sa Pagrepasong Medikal sa mga masasalimuot na kaso kung saan ang WCB o Komisyon sa Apela ay nangangailangan ng dalubhasa at independiyenteng medikal na opinyon.

Sino ang umuupo sa Panel para sa Pagrepasong Medikal?

Ang Panel para sa Pagrepasong Medikal ay binubuo ng tatlong doktor:

- ang chairperson na itinalaga ng Ministro na responsable para sa *The Workers Compensation Act*
- ang doktor na napili ng manggagawa
- ang doktor na napili ng employer ng manggagawa

Maaaring anyayahan ng chairpeson ang sinumang provider para sa pag-aalaga ng kalusugan na itinuturing na angkop sa mga pangyayari na dumalo sa pagpupulong ng panel upang talakayin nang higit pa ang bagay.

Sa sandaling ang manggagawa at employer sa panahon ng pinsala ay nabigyan ng paunawa na magkakaroon ng Panel para sa Pagrepasong Medikal, ang bawat isa ay may 15 araw upang pumili ng doktor upang umupo sa Panel. Kung ni isa sa dalawa ay nabigong makapili ng doktor sa loob ng 15 araw, ang WCB ang pipili.

Ang WCB ang pipili para sa employer kapag:

- ang manggagawa ay nagsasariling nagtratrabaho
- ang manggagawa ay isang miyembro ng pamilya ng employer
- ang manggagawa ay kasosyo sa, o miyembro ng, kompanya na siyang employer.
- Kapag huminto ang employer na magnegosyo sa industriya kung saan naganap ang pinsala.

Ang mga doktor na napili ng manggagawa at ng employer ay dapat na tiyak na may kasanayan sa larangan ng medisina na may kaugnay sa pinsala o sakit, at ang kanilang mga pangalan ay dapat na nasa listahang ipinagkaloob ng College of Physicians and Surgeons of Manitoba.

Hindi karapat-dapat na Mga Doktor

Hindi maaaring piliin ang isang doktor na kumilos o magsilbi sa Panel para sa Pagrepasong Medikal kung ang doktor ay:

- nakapagsagawa na ng pagsusuri o nagamot ang manggagawa
- nagsusuri sa mga manggagawa sa ngalan ng employer
- umakto bilang tagapayo sa paggamot ng manggagawa.

Gayunman, kapag nagtipon ng Panel dahil sa kaibahan sa medikal na opinyon, ang gumagamot na doktor ng manggagawa ay aanyayahan na dumalo upang makapagbigay ng karagdagang impormasyon.

Anu-ano ang mga responsibilidad ng Panel para sa Pagrepasong Medikal?

Rerepasuhin ng mga doktor sa Panel para sa Pagrepasong Medikal ang impormasyon sa file ng manggagawa at pagkatapos ay kakapanayamin at susuriin ang manggagawa. Kung ang karagdagang impormasyon at/o mga medikal na pagsusuri ay iniaatas, iuutos ang mga ito ng chairperson. Maaaring kumonsulta ang Panel sa alinmang provider sa pag-aalaga ng kalusugan na itinuturing na angkop sa mga pangyayari.

Sa sandaling naihanda na ng Panel ang nakasulat na opinyon nito, ang impormasyon ay ipapasa sa WCB o sa Komisyon sa Apela para maisaalang-alang. Ang Panel ay nagkakaloob ng medikal na opinyon lamang at ang opinyon na ito ay walang bisa sa WCB o sa Komisyon sa Apela. Ang opinyon na ito ay maaaring gamitin upang makatulong sa pagpapasya ng claim. Ang iba pang mga kunsiderasyon ay maaaring makaapekto sa kinalabasan ng isang desisyon sa claim.

Paano ito gumagana, ang bawat hakbang...

1. Sa sandaling ang isang claim ay naipasa na sa isang Panel para sa Pagrepasong Medikal, ang isang miyembro ng staff ang makikipag-ugnayan sa manggagawa at sa employer ng manggagawa (sa panahon na napinsala), sa pamamagitan ng kasulatan. Ang bawat isa sa kanila ay hihilingin na pumili ng doktor na uupo sa Panel.

2. Ang pagpili na ito ay dapat gawin sa loob ng 15 araw. Kung hindi ito magawa, pipiliin ng WCB ang isa sa dalawa o parehong doktor.

3. Isang empleyado ng WCB o Komisyon sa Apela na panel ang magbabalangkas ng mga itatanong ng Panel para sa Pagrepasong Medikal. Ang mga katanungang ito ay ipapadala sa manggagawa (at sa employer kung hilingin nila ang Panel para sa Pagrepasong Medikal). Kung magkaroon ng di pagkakasundo hinggil sa uri o nilalaman ng mga tanong, gagawin ang lahat upang malutas ang kahit na anong ikinababahala. Ang karagdagang di pagkakasundo tungkol sa uri at nilalaman ng mga katanungan ay maaaring sumunod mga proseso ng muling pagsasaalang-alang at apela ng WCB.

4. Magtatakda ng petsa ang staff para sa Panel. Ang petsa ay pagkakasunduan ng parehong manggagawa at mga doktor.

5. Kapag pinagtipon ang Panel sanhi ng pagkakaiba sa medikal na opinyon, ang gumagamot na doktor ng manggagawa ay aanyayahang dumalo.

6. Maaaring mag-anyaya ang chairperson ng mga espesyalistang tagapayoa at/o iba pang mga provider para sa pag-aalaga ng kalusugan upang dumalo at tumulong sa Panel. Ang mga doktor at/o provider sa pag-aalaga ng kalusugan ay naroroon lamang upang magbigay ng impormasyon at hindi sasali sa paghahanda ng nakasulat na opinyon ng Panel. Ang karagdagang mga eksaminasyon o pagsusuri ay maaaring iutos kapag kinakailangan.

7. Nirerepaso ng panel ang impormasyon sa file ng manggagawa at kinakapanayam at sinusuri ang manggagawa.

8. Pagkatapos, iuulat ng Panel ang mga natuklasan nito. Ang ulat ay ibinibigay sa WCB o sa Komisyon sa Apela at sa manggagawa. Kung ang Panel ay makahanap ng solusyon mula sa pagkakaiba ng opinyon sa pagitan ng gumagamot na doktor ng manggagawa at medikal na tagapayo ng WCB, ang gumagamot na doktor ng manggagawa ay makakatanggap rin ng kopya ng ulat.

Saan ginaganap ang mga Panel para sa Pagrepasong Medikal?

Ang mga Panel para sa Pagrepasong Medikal ay ginaganap sa:

600-330 St. Mary Avenue
Winnipeg, Manitoba R3C 3Z5

Para sa karagdagang impormasyon tumawag sa:

(204) 925-6110 o kung nasa labas ng Winnipeg, mangyaring tumawag 1 (855) 9256110. Maaari ka rin magpadala ng fax sa Panel para sa Pagrepasong Medikal sa (204) 943-4393.

Ang lathalang ito ay ipinapagkaloob bilang pangkalahatang impormasyon. Hindi ito nilalayon na maging legal na payo, at hindi dapat asahan na bilang tulad. Para sa mas tiyak na impormasyon, tingnan ang *The Workers Compensation Act and Regulations and WCB Policies*. Ang mga dokumentong ito ay makukuha sa website ng WCB sa wcb.mb.ca.